



Kabanata 8: Proteksyong Pangkapaligiran

Ang 1,104 kilometro kuwadrang lupang nasasakupan ng Hong Kong ay tahanan ng humigit-kumulang 7 milyong tao. Nagresulta ang matatarik na bundok at matitinding pagkontrol sa pagpapalano sa pabahay ng karamihan ng 225 kilometro kuwadrado ng pagde-develop sa lungsod. Ang pagsisiksikan ng populasyon at ang mga aktibidad pang-ekonomiya ay humahantong sa matinding presyon sa kapaligiran. Bilang mamamayan ng Hong Kong, gumaganap ka ng mahalagang papel upang tulungang maprotektahan ang kapaligiran.

Environmental Protection Department

Ang Environmental Protection Department (EPD), sa ilalim ng Environment Bureau, ang may pangkalahatang responsibilidad sa pagtatakda ng patakaran para sa kapaligiran. Nagpapatupad ito ng mga patakarang pangkapaligiran, maingat na sumusuri ng mga tuklas sa pangkapaligirang pagpapalano at pag-a-asses, nagpapatupad at nagrepeaso ng mga batas pangkapaligiran, nagpapalano at gumagawa ng mga pasilidad para sa pagtatapon ng basurang likido at solido at nagsusulong ng pamamahalang pangkalikasan, pag-a-audit at pag-uulat. Nagsusulong din ito ng kabatirang pangkalikasan sa komunidad.

Mga tanong at reklamo hinggil sa polusyon

Kung mayroon kang anumang mga tanong o mga reklamo may kinalaman sa usapin sa hangin, ingay, duming tubig, basura at iba pang mga usaping pangkalikasan, maaari kang tumawag o magpadala ng fax sa Hotline para sa Customer Service ng EPD sa **2838-3111**. Maaari ka ring maghain ng reklamo sa amin tungkol sa polusyon sa pamamagitan ng website ng EPD.

Index ng Polusyon sa Hangin

Ang EDP ay gumagamit ng Air Quality Health Index (AQHI) upang maihayag sa pangkalahatang publiko ang mga pang-maiksiang panahong panganib sa kalusugan dahil sa pagkalantad sa iba't ibang lebel ng polusyon sa hangin sa labas na kapaligiran. Sa impormasyong ito ay napapahintulutan ang publiko na

makapagdesisyon tungkol sa kanilang mga gawaing pisikal sa labas, lalong lalo na para sa mga delikadong grupo tulad ng mga bata, mga nakatatanda at iyong sa kasalukuyan ay may sakit sa puso o sa respiratoryo upang makapagsagawa ng mga pag-iingat na hakbang kung kinakailangan.

Iniuulat ang impormasyong AQHI sa mga radyo, telebisyon at sa diyaryo. Makakakuha ka rin ng pinakabagong impormasyon mula sa website ng EPD sa <http://www.aqhi.gov.hk/en.html>; mula sa mobile app ng AQHI; o sa pamamagitan ng Hotline ng AQHI sa **2827-8541**.

Mga mapagkukunan ng impormasyong pangkapaligiran

Nakapag-set up na ang EPD ng tatlong mga Sentro ng Mapagkukunan ng Impormasyong Pangkalikasan (Environmental Resource Centre o ERC), isang Sentro ng Edukasyong Pangkapaligiran (EEC) at isang mobile ERC na nagbibigay sa publiko ng madaling access sa impormasyong pangkapaligiran. Maaaring pumunta ang mga bisita sa mga exhibition na iniayos doon, at inoorganisa ang mga pagbisitang may gabay at mga programa sa pagtuturo para sa mga pangkat sa pamamagitan ng paunang pagpapatala kung naaangkop.

Environmental Resource Centre (ERC)	Address	Katanungan
Wan Chai ERC	221 Queen’s Road East Wan Chai, Hong Kong	2893-2856
Fanling ERC	2/F, Government Accommodations Grand Regentville, 9 Wo Mun Street Luen Wo Hui, Fanling, NT	2600-4016
Mobile ERC	Community Relations Unit 5/F, Southorn Centre 130 Hennessy Road, Wan Chai Hong Kong	2835-1003
Lung Fu Shan Environmental Education Centre	50 Kotewall Road Mid-Levels, Hong Kong	2975-9031

Kabatirang pangkapaligiran

Nakikipagtulungang mabuti ang EPD sa Komite ng Kampanyang Pangkapaligiran (Environmental Campaign Committee o ECC) na naatasan ng pamahalaan upang dagdagan pa ang kabatiran tungkol sa kapaligiran ng publiko sa pamamagitan ng serye ng mga kampanya at mga programang pangkomunidad. Ang mga gawaing nagsusulong ng pagbabawas sa basura at pagre-recycle, malinis na hangin, konserbasyon ng enerhiya at kalikasan at iba pang mga inisyatiba ng pamahalaan ay isinasagawa sa buong taon. Ang pagpopondo ay ipinagkakaloob din ng Environment and Conservation Fund (ECF) upang suportahan ang mga lokal at ang mga organisasyong non-profit upang makapag-organisa ng mga programang pangkapaligiran.

Makukuha ang mga detalye ng mga aktibidad sa:

EPD

Hotline ng Customer Service : 2838-3111 (telepono at fax)
Website : www.epd.gov.hk

ECC

Hotline para sa Katanungan : 2519-9173
Website : www.ecc.org.hk

